
Paunawa ng mga Pamamalakad sa Privacy

Itong Pinagsamang Paunawa ng mga Pamamalakad sa Privacy (Paunawa) ay naglalarawan kung paano maaaring gamitin at ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan at kung paano mo makukuha ang impormasyong ito. Mangyaring suriin ito nang mabuti. Ipinagkakaloob sa iyo ang Paunawa sa ngalan ng **Providence Health & Services (Providence)**, ang medikal na staff nito at ng iba pang mga provider (na sama-samang tinutukoy dito bilang “kami” o “aming”).

Ang Providence ay nakatuon sa pagprotektaha ng pagiging kompidensyal ng iyong impormasyong pangkalusugan

Hinihiling mula sa amin ng batas na pag-ingatan ang privacy ng iyong Protected Health Information o Protektadong Impormasyong Pangkalusugan (karaniwang tinatawag na PHI o impormasyong pangkalusugan), kasama na ang PHI sa electronic na format. Hinihiling rin mula sa amin na ipagbigay alam sa iyo ang aming mga legal na tungkulin at mga pamamalakad sa privacy hinggil sa iyong impormasyong pangkalusugan at sumunod sa mga pamamalakad na nasa Paunawang ito, maliban kung may mas mahihigpit na batas o regulasyon ang gagamitin. Ang Paunawang ito ay ginagamit sa lahat ng mga pasilidad, serbsiyu at programa ng Providence na nagkakaloob ng pangangalaga sa kalusugan sa iyo.

Pagpapatupad ng Paunawang ito

Ang mga impormasyon sa mga pamamalakad ng privacy na inilalarawan sa Paunawang ito ay susundin ng:

- Sinumang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan na gumagamot sa iyo sa alinman sa aming mga lokasyon.
- Ang lahat ng mga pasilidad, departamento at unit, kasama na ang mga ospital, mga surgical center, mga home care (pag-aalaga sa tahanan), klinika at iba pang mga affiliate.
- Ang lahat ng mga manggagawa tulad ng mga empleyado, mga medikal na staff, mga trainee, mga estudyante, mga boluntaryo at iba pang mga tao sa ilalim ng direktang pagkokontrol sila man ay binabayaran namin o hindi.
- Ang iba pang mga provider ng pangangalaga sa kalusugan na sumang-ayon na sumunod sa Paunawa sa Mga Pamamalakad sa Privacy na ito.

Ang Paunawang ito ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon kung paano namin magagamit at ipapahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan ng

mayroon o walang awtorisasyon at pati na rin ang karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga partikular na karapatan kaugnay ng iyong impormasyong pangkalusugan.

Mga gamit at pagpapahayag ng iyong impormasyong pangkalusugan na maaari naming gawin nang hindi kinukuha ang iyong awtorisasyon

Para Makipag-ugnayan sa Iyo: Maaaring gamitin ang iyong impormasyon para makipag-ugnayan sa iyo para ipaalala sa iyo ang tungkol sa mga appointment, ibigay ang mga resulta ng pagsusuri o eksaminasyon, ipagbigay-alam sa iyo ang tungkol sa mga opsyon sa paggagamot o bigyan ka ng payo untkol sa iba pang mga benepisyo at serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan.

Paggagamot: Maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa alinmang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan. Kabilang dito ang pagsasaayos ng iyong pangangalaga kasama ng iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at pagbibigay ng mga rekomendasyon sa iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang sa mga halimbawa ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring mangailangan ng iyong impormasyon para magamot ka ang iyong doktor, pharmacist, nurse, at iba pang mga provider tulad ng mga physical therapist, mga home health provider (provider sa pag-aalaga sa tahanan) at mga x-ray technician. Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa electronic na paraan sa iyong mga provider ng pag-aalaga ng kalusugan upang matiyak na nasa kanila ang iyong impormasyon sa lalong madaling panahon para magamot ka.

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa sinumang miyembro ng pamilya o kaibigan na kasali sa pagtulong sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Gagawin lamang namin ito kung ikaw ay sumang-ayon o hindi tumutol, at ibabahagi namin sa kanila ang impormasyon na kailangan nila para matulungan ka. Kung hindi mo magawang sumang-ayon o tumutol sa nasabing pagbubunyag, maaari naming ipahayag ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan kung kinakailangan kung mapagpasyahan naming makabubuti ito para sa iyo batay sa aming propesyonal na pagdedesisyon. Maaari naming ipahayag ang impormasyong pangkalusugan sa isang miyembro ng pamilya, kamag-anak o iba pang kasali sa pangangalaga sa iyong kalusugan o sa pagbayad sa pangangalaga ng kalusugan kapag ikaw ay sumakabilang buhay, kung hindi katugma sa iyong naunang ipinahayag na mga kagustuhan.

Bayad: Para makuha ang bayad para sa iyong mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, maaaring kailangan naming ibigay ang iyong impormasyong pangkalusugan sa partido na may responsibilidad sa pagbabayad. Maaaring kabilang dito ang Medicare, Medicaid (planong pangkalusugan ng estado) o ang kumpanya ng iyong insurance. Maaaring kailanganin ng kompanya ng iyong insurance o planong pangkalusugan ang iyong impormasyon para sa mga aktibidad tulad ng pagpapasya sa iyong pagiging karapat-dapat para masaklaw, pagsusuri sa medikal na pangangailangan sa mga ipinagkaloob sa iyo na serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan o pagbibigay ng pahintulot para sa mga serbisyo o pamamalagi sa ospital.

Mga Pamamalakad sa Pangangalaga ng Kalusugan: maaaring gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan para magbigay ng suporta sa mga gawain ng aming kumpanya at para matiyak ang kalidad ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na ipinagkakaloob. Kabilang sa ilan sa mga aktibidad na ito ang mga pagtatasa sa kalidad, pagrerepaso ng kasamahan sa trabaho o empleyado, pagsasanay ng tauhang medikal, pagbibigay ng lisensya o accreditation, paghihiwalay hiwalay ng mga data at pag-audit ng mga namamahalang ahensya.

Maaari naming ibahagi ang iyong PHI sa mga ikatlong partido na nagsasagawa ng nasabing mga serbisyo tulad ng transcription o billing. Sa ganoong mga kaso, mayroon kaming mga nakasulat na kasunduan sa mga ikatlong partido na hindi nila gagamitin o ipapahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan maliban kung pinahihintulutan ng batas.

Maaari rin naming gamitin ang iyong impormasyon (pangalan, address, petsa ng kapanganakan, departamento ng serbsiyo, gumagamot na doktor, mga petsa ng paggagamot, kinalabasan o resulta) para sa aming mga fundraising na aktibidad.

Ikaw ay may karapatan na piliing umalis sa pagtanggap ng mga nasabing komunikasyon. Kung hindi mo nais makatanggap ng mga materyal na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng aming foundation at hilingin na huwag ipadala ang mga materyal na ito sa iyo.

Maliban kung tumutol ka, maaaring isama ang iyong pangalan at lokasyon sa aming direktoryo ng pasyente. Kung kasama ito, ibabahagi lamang namin ang napakalimitadong impormasyon tungkol sa iyo, tulad ng iyong lokasyon sa ospital at pangkalahatang katayuan, sa sinumang magtanong tungkol sa iyo gamit ang iyong pangalan. Kung piliin mong ibigay ang iyong kinabibilangan na relihiyon at hindi ka tumutol dito, maaari naming ibigay ang iyong pangalan at numero ng silid sa isang pastor mula sa iyong pinananampalatayaan o komunidad ng relihiyon.

Nilalarawan rin ng Paunawag ito ang mga pamamalakad sa privacy ng isang Organized Health Care Arrangement ("OHCA") o Kasunduan sa Kaayusan sa Pangangalaga sa Kalusugan sa pagitan namin at ng ilang mga karapat-dapat na mga provider ng pangangalaga ng kalusugan at organisasyon. Pinahihintulutan ng OHCA ang mga legal na hiwalay na entity na gamitin at ipahayag ang PHI para sa pinagsamang paggamit ng kasunduan. Kami ay kalahok sa nasabing kaayusan ng mga organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan na sumang-ayon na makipagtulungan sa isa't isa para mapadali ang paraang makagamit ng impormasyong pangkalusugan na may kaugnayan sa iyong pag-aalaga. Halimbawa, kung magpakita ka sa isang ospital para sa emergency na pag-aalaga at hindi makapagbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, papahintulutan kami ng OHCA na gamitin ang iyong PHI mula sa mga kasali sa OHCA na gamutin ka. Kapag kinakailangan, ang paraan ng handang paggamit sa iyong PHI ay katumbas ng mas mainam na pag-aalaga sa iyo. Nagtatabi kami ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa aming mga pasyente sa isang pinagsamang electronic na record sa kalusugan kasama ng iba pang mga provider. Dapat ibahagi ng Providence at ng mga miyembro ng OHCA ang iyong impormasyong pangkalusugan sa malayang paraan para sa mga layunin ng pagpapagamot, pagbabayad at mga gawain sa pangangalaga ng kalusugan. Para sa dahilan na ito, aming nilikha ang OHCA at ang Pinagsamang Paunawa na ito. Maaaring piliin ng mga miyembro ng OHCA ang kanilang sariling (mga) Paunawa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga organisasyon na sumasali sa OHCA, mangyari lamang makipag-ugnayan sa Privacy Office na nakalista sa Paunawang ito.

Ang iba pang mga gamit at pahayag na maaari naming gawin nang wala ang iyong awtorisasyon.

Maraming mga paraan kung saan maaaring magamit o ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan nang wala ang iyong awtorisasyon. Karaniwan, ang mga paggamit at pagpapahayag na ito ay hinihiling ng batas o para sa layunin ng pampublikong kalusugan at kaligtasan.

Kapag Hiniling ng Batas: Maaari naming gamitin o ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan kapag hiniling ng batas. Kung mangyari ito, susunod kami sa batas at ipapahayag lamang ang kinakailangan na impormasyon.

Pampublikong Kalusugan: Maaari naming ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang awtoridad ng pampublikong kalusugan para sa mga pampublikong gawain sa kalusugan. Kabilang sa mga pampublikong gawain sa

kalusugan ang pag-iwas o pagkokontrol ng sakit, pinsala, kapansanan, at pagtugon sa mga ulat ng pang-aabuso, pagpapabaya o karahasan sa tahanan. Maaari naming ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang tao o ahensya na hinihiling na mag-ulat ng mga pagsasalungat na kaganapan, mga depekto ng produkto o mga problema nito, mga pagkakalihis sa produktong biological, o mga pagbawi, pag-aayos o pagpapalit ng produkto. Ang anumang mga pahayag na ganito ay iaayon sa batas ng estado at pederal na batas.

Pamamahala sa Kalusugan: Maaari naming ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga ahensya na namamahala sa kalusugan para sa mga gawaing hinggil sa pamamahala ng kalusugan na awtorisado ng batas, tulad ng mga audit, mga imbestigasyon, at mga inspeksyon. Kabilang sa mga ahensya na namamahala sa kalusugan ang mga ahensya na nangangasiwa sa sistema ng pangangalaga ng kalusugan, mga programa ng benepisyo ng gobyerno, mga programa ng pamamahala ng pamahalaan at mga karapatan sibil.

Mga Legal na Paglilitis: Maaari naming gamitin o ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang korte o ang kautusang administratibo sa isang administratibo o panghukuman na paglilitis, o bilang pagtugon sa isang subpoena, pagtuklas sa isang kahilingan o iba pang legal na proseso.

Pagpapatupad ng Batas: Maaari naming gamitin o ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa layunin ng pagpapatupad ng batas. Kasama sa mga halimbawa ang (1) pagtutugon sa mga legal na proseso; (2) pagbibigay ng limitadong impormasyon para kilalanin o matagpuan ang isang pinaghihinalaan; (3) pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga biktima ng krimen; (4) pag-uulat ng hinala na ang kamatayan ay nangyari bilang resulta ng isang kriminal na gawain; (5) pag-uulat ng krimen na naganap sa aming lugar; at (6) para sa mga medikal na emergency, pag-uulat kung saan marahil naganap ang isang krimen.

Pag-iwas sa isang Malubhang Pagbabanta: Maaari naming gamitin o ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan kung naniniwala kami nang taos-puso na kinakailangan ang paggamit o pagpapahayag para maiwasan o mabawasan ang isang malubha o napipintong pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng isang tao o ng publiko. Maaari lamang gawin ang pahayag sa isang taong makatuwirang may kakayahang iwasan o bawasan ang pagbabanta.

Mga coroner, Director ng Punerarya, at Pagdo -donate ng Organ: Maaari naming ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang coroner o medical examiner para sa layunin ng pagkikilala, pagtitiyak sa sanhi ng kamatayan o iba pang mga tungkulin na hinihiling sa ilalim ng batas. Maaari naming ipahayag ang

iyong impormasyong pangkalusugan sa isang director ng punerarya para mapahintulutan siya na magawa ang kanyang mga tungkulin. Maaari naming ipahayag ang iyong impormasyon para mapadali ang isang donasyon ng organ, mata o tissue.

Pananaliksik: Maaari naming ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga mananaliksik, sa kundisyon na ang pananaliksik ay naaprubahan ng isang Institutional Review Board at/o Privacy Board, at naaprubahan ang mga protocol sa pananaliksik para matiyak ang iyong privacy. Maaari naming ipahayag ang impormasyong pangkalusugan mo sa mga taong naghahanda na magsagawa ng isang proyekto sa pananaliksik.

Gawain ng Militar at Pambansang Seguridad: Maaari naming ipahayag ang impormasyong pangkalusugan sa mga tauhan ng Sandatahang Lakas o Armed Forces: (1) para sa mga aktibidad na itinuturing na kinakailangan ng mga awtoridad na may kontrol sa militar; (2) para sa layunin ng pagpapasya ng Department of Veterans Affairs sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisy; o (3) sa isang dayuhang awtoridad ng militar kung isa kang miyembro ng nasabing dayuhang serbisyong militar. Maaari rin namin ibunyag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga awtorisadong pederal na opisyal para magsagawa ng mga bagay para sa pambansang seguridad at intelligence, kasama na ang kundisyon sa serbisyo para sa proteksyon sa Pangulo o iba pang pinahintulutan ng batas na makatanggap ng impormasyon.

Mga Bilanggo/Inaresto: Maaari naming gamitin o ipahayag ang iyong impormasyon sa isang correctional institution o bilangguan o opisyal na nagpapatupad ng batas kung ikaw ay isang bilanggo ng isang correctional facility o bilangguan o nasa kustodiya nito at kinakailangan ang impormasyon para gamutin ka o protektahan ang kalusugan mo, ng iba pang mga bilanggo, at empleyado sa correctional facility o bilangguan o iba pa.

Bayad sa Manggagawa: Maaari naming gamitin o ipahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan tulad nang kinakailangan para makasunod sa mga batas hinggil sa bayad sa manggagawa at iba pang mga katulad na legal na naitatag na programa.

Tulong sa Sakuna: Maaari naming ipahayag ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa isang entity na tumutulong sa isang sakuna para mabigyang-alam ang inong pamilya at mga kaibigan tungkol sa nyong kondisyon, katayuan, at lokasyon.

Ginagamit at ipinapahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan na maaari naming gawin nang may awtorisasyon mo

Ang ilang mga paggamit at pahayag sa iyong impormasyong pangkalusugan, kasama na ang marketing, pagbebenta ng impormasyong pangkalusugan o pagpapalabas ng mga tala sa psychotherapy, ay gagawin lamang kung may nakasulat na pahintulot mula sa iyo. Maaari mong bawiin ang isang awtorisasyon sa pamamagitan ng isang kasulatan kahit kailan, maliban lamang kung kami ay kumilos na alinsunod sa nasabing awtorisasyon.

Ang paggamit at pagpapahayag ng hindi nalarawan sa Paunawang ito ay gagawin lamang kung may nakasulat na awtorisasyon mula sa iyo.

Maaaring magtalaga ang mga batas pederal at ng estado ng mga karagdagang limitasyon sa pagpapahayag ng iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga programa ng paggamot sa nalulong sa droga o alak, mga sexually-transmitted na sakit, o mga programa sa paggagamot ng mental na kalusugang. Kapag hiniling ng batas, kukuha kami ng awtorisasyon bago ipalabas ang ganitong uri ng impormasyon.

Ang Iyong Mga Karapatan

Karapatan na Humiling ng Mga Limitasyon: Ikaw ay may karapatan na hilingin sa amin na maglagay ng mga limitasyon sa aming paraan ng paggamit o pagpapahayag ng iyong impormasyong pangkalusugan para sa iyong paggagamot, pagbabayad, o mga gawain ukol sa pangangalaga ng kalusugan. Aming isasaalang-alang ang iyong kahilingan pero hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa limitasyon (maliban kung inilarawan sa ibaba). Kung sumang-ayon kami sa isang limitasyon, hindi namin gagamitin o ipapahayag ang iyong impormasyong pangkalusugan na lalabag sa nasabing limitasyon na iyon, maliban na lamang kung kinakailangan ito sa isang emergency. Kung hindi na posible ang isang limitasyon, ipagbibigay-alam namin sa iyo.

Karapatan na Bigyang Limitasyon ang Pagpapahayag sa Mga Plano sa Kalusugan: Maari kang humiling ng isang kasulatan, sa oras ng serbisyo, na hindi namin ipapahayag ang impormasyon sa mga planong pangkalusugan kung saan binayaran niyo mismo nang kumpleto ang mga bagay o serbisyo. Dapat kaming sumang-ayon na hindi ipahayag ang impormasyong ito sa iyong planong pangkalusugan kung natugunahn ang ilang mga kundisyon.

Mga Kumpidensyal na Komunikasyon: Aming tatanggapin ang mga makatuwirang kahilingan na ipagbigay-alam sa iyo ang tungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng iba't ibang mga paraan o mga alternatibong lokasyon. Halimbawa, kung saklaw ka sa isang planong pangkalusugan pero hindi isang subscriber, at nais na ipadala ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang address na iba sa subscriber, madalas na magagawa namin ito para sa iyo.

Abiso sa Paglalabag: Ikaw ay may karapatan na tumanggap ng abiso sa mga paglalabag sa iyong impormasyong pangkalusugan tulad ng hinihiling ng batas.

Access sa Iyong Impormasyong Pangkalusugan: Ikaw ay may karapatang tumanggap ng kopya ng iyong impormasyong pangkalusugan na aming pag-iingat, na may ilang mga limitadong pagbubukod. Maaari mong hilingin na makita ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng kasulatan at maaari kang humiling ng kopya ng iyong impormasyon sa isang electronic na format. Nakalaan sa amin ang karapatan na magpataw ng makatuwirang singil para sa gastos sa paggawa at pagkakaloob ng iyong impormasyong pangkalusugan. Ikaw ay may karapatan na hilingin na ipadala ang iyong impormasyong pangkalusugan sa ibang tao o entidad, tulad ng iba pang doktor, caregiver o tagapag-alaga o online na personal na rekord ng kalusugan.

Pagsusog sa Iyong Impormasyong Pangkalusugan: Ikaw ay may karapatang hilingin sa amin na baguhin ang alinman sa iyong impormasyong pangkalusugan. Kailangan mong hilingin itong pagsusod na ito sa pamamagitan ng isang kasulatan at isumite ito sa departamento ng mga medikal na record ng pasilidad. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan sa ilang mga partikular na situwasyon, tulad ng kapag ang impormasyong pangkalusugan sa iyong mga rekord ay nilikha ng iba pang provider o kung mapagpasyahan namin na ang iyong impormasyon ay wasto at kumpleto. Anumang pagtanggap ay dapat gawin sa pamamagitan ng isang kasulatan. Ikaw ay may karapatan na mag-apela sa aming pagtanggap sa pamamagitan ng pagsasampa ng isang nakasulat na pahayag ng di pagsang-ayon.

Pagpapaliwanag sa Ilang Mga Pahayag: Ikaw ay may karapatan para sa listahan ng mga pahayag na aming ginawa tungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan, maliban sa mga pahayag na ginawa para sa iyong mga paggagamot, mga bayad, o mga operasyon sa pangangalaga sa kalusugan, o iyong mga pahayag na ginawa alinsunod sa iyong awtorisasyon. Ang uri ng mga pahayag na karaniwang nilalaman sa listahan ay dapat mga pahayag na ginawa para sa kailangang gawin

tungkol sa pampublikong kalusugan, pagpapatupad ng batas, mga legal na paglilitis, o para sa iba pang hiniling na pag-uulat tulad ng mga birth at death certificate.

Paggamit ng Iyong Mga Karapatan: Para gamitin ang alinman sa nakasaad sa itaas na mga karapatan o kung kailangan mong ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa iba para sa layunin na iba pa sa mga nakalista dito, makipag-ugnayan sa angkop na departamento para sa medikal na record.

Mga Katanungan at Reklamo

Kung may mga katanungan ka o nag-aalalang nalabag ang alinman sa iyong mga karapatan sa privacy, mangyaring makipag-ugnayan sa Privacy Officer sa **1-(800) 628-PROV (800-628-7768)**. Mayroon ka ring karapatan na magreklamo sa Secretary of Health and Human Services sa:

Office for Civil Rights – AK, WA, OR, MT

U.S. Department of Health and Human Services
2201 Sixth Avenue - M/S: RX-11
Seattle, WA 98121-1831

Office for Civil Rights – CA

U.S. Department of Health and Human Services
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103

Hindi ka gagantihan sa iyong pagsasampa ng reklamo.

Mga Pagbabago sa Pinagsamang Paunawa ng mga Pamamalakad sa Privacy

Nakalaan sa amin ang karapatan na baguhin ang mga tuntunin ng aming Paunawa sa anumang oras. Magkakabisa ang mga bagong probisyon sa Paunawa para sa lahat ng mga protektadong impormasyong pangkalusugan na tinatabi namin. Maaari mong basahin ang isang kopya ng aming pinakahuling Paunawa sa aming website sa **www.providence.org**, o humiling ng pinakabagong kopya mula sa departamento ng mga medikal na record, sa privacy officer, o sa registration staff anumang oras.